

Ang COVID-19 na Bakuna at Pagbubuntis

Ikaw ba ay buntis o plano na maging buntis? Ang mga bakuna ng COVID-19 ay ligtas at nagbibigay ng proteksyon sa iyo at ang iyong sanggol.¹

Kung ikaw ay buntis, ikaw ay may mataas na panganib sa COVID-19

Ang mga buntis na kababaihan ay may mataas na panganib sa pagkakaroon ng sakit sa COVID-19 kaysa sa mga tao na hindi nagbubuntis.

Kung ikaw ay nahawaan ng COVID-19, ito ay maaaring magpahirap sa iyong pagbubuntis

Ang mga buntis na kababaihan na nahawaan ng COVID-19 ay may mataas na panganib ng mga komplikasyon sa pagbubuntis tulad ng mataas ng presyon ng dugo, sakit sa pagdurugo, kamatayan, at stillbirth.

Kung ikaw ay nagbubuntis, ikaw ay maaaring tumanggap ng COVID-19 na bakuna

Ang mga nagbubuntis at nagpapasuso na mga kababaihan ay maaaring tumanggap ng anuman sa tatlong mga bakuna sa COVID-19 na kasalukuyang pinahihintulutan sa U.S. Para sa karagdagang mga bakuna na kasalukuyang magagamit sa California, bumisita sa aming [Kunin ang Katotohanan sa mga Bakuna](#).

Ang bakuna sa COVID-19 ay maaaring magbigay ng proteksyon sa iyong sanggol mula sa COVID-19

Ang kasalukuyang mga pag-aaral ay nagpapakita na ang mga napabakunahan na mga kababaihan ay nagdadala ng mga antibodies sa kanilang nabubuong mga sanggol sa kanilang sinapupunan, kaya ang sanggol na naisilang ay may proteksyon mula sa unang araw.²

Ang mga bakuna ng COVID-19 ay epektibo

Ang mga bakuna na ito ay gumagamit ng maliit na piraso ng virus na hindi maaaring magdulot ng impeksyon, ngunit nagsisimula sa ating immune response sa ating katawan – na nagdudulot sa ating katawan na gumawa ng nagbibigay na proteksyon sa antibodies. Ang mga bakuna ay hindi naglalaman ng buhay na virus, kaya ito ay hindi nagbibigay sa ilang mga tao ng sakit na COVID-19. Lahat ng tatlong mga bakuna ay nagbibigay ng proteksyon.³

Ang mga bakuna ng COVID-19 ay ligtas para sa iyo at sa iyong sanggol

Sinubaybayan ng CDC ang mahigit sa 35,000 na mga tao na napabakunahan sa tuwing o bago ang pagbubuntis. Base sa impormasyon na ito, at base na rin sa ano ang kaalaman tungkol sa pagiging epektibo at kanilang mga sangkap, napag-alaman ng mga nananaliksik na walang pag-alala para sa mga nagbubuntis na mga kababaihan ang pagtanggap ng COVID-19 na bakuna

Ang ibang mga konsiderasyon para sa pagpapabakuna sa tuwing nagbubuntis

Sa lahat ng mga nakatanggap ng bakuna sa COVID-19, ang mga nagbubuntis na kababaihan ay maaaring makaranas ng mga epekto tulad ng sakit sa katawan, panlalamig, at pagkapagod – ito ay normal para sa lahat. Kumonsulta sa iyong mga doktor tungkol sa anumang pag-alala ng mga epekto.



Karagdagang Impormasyon

Bisitahin ang dokumentong ito sa website ng CDPH

¹Basahin nang buo [Patnubay para sa Pagpapabakuna tuwing Nagbubuntis](#)

²Tingan ang [COVID-19 na Bakuna Habang Ngabubuntis at Nagpapasuso](#) ng CDC

³Tingnan ang [Kunin ang mga Katotohanan sa Pagpapabakuna](#)

